


# ANG TANYAG NA MANGHAHABI

*Sinulat ni* EPITACIO REYES TAN



MASISIGLA ang mga pastol sa pagtungo sa kuweba ng Ermitanyo.

Isa sa kanila, si Minti ay nakahuli ng isang labuyo at napagkaisahan nilang ibigay iyon sa matanda.

Kaya't nang datnan nila ang matanda sa labas ng kuweba ay nagpaunang lumapit si Minti.

—Ingkong, —anya —nakahuli po kami ng isang labuyo. Inyo na po. —At idinulot sa matanda.

Natawa ang matanda.

—Paano ba ang pagkahuli mo rito. Mailap ito ah.

—Itinuro po sa akin ni Pido. Pagapang po akong lumapit nang kaunti. At ng tumalikod po ay pinukol ko po ng isang tiningkal. Natamaan po at nakita kong napasubasob. Nang lapitan ko po upang sambutin ay bigla pong nakatakbo. Pasubasubasob po ang pagtakbo kaya't hindi ko po hiniwalayan hanggang sa mahuli ko. Napagkaisahan po naming ihandog sa inyo.

—Salamat sa inyo kung ganoon. Ngayon ay magkukuwentuhan na tayo. —At ang matanda ay nagpaunang umupo sa makinis na bato.

Ang mga bata ay nagsiupo na ring paharap sa matanda.

—Ikukuwento ko sa inyo ang isang dalagang napabantog sa paghabi at pagbuburda. May matututuhan kayo sa sinapit ng dalagang ito.

—Iyan po ang gusto namin. —Si Manuel ang nagsalita.

—Kung gayon ay magpapasimula na ako.


I.

NOONG unang panahon, isang dalaga ang nakatawag ng pansin sa mga kababayan niya. Tawagin natin ng Maria ang dalagang ito.

Si Maria ay napakabait at napakasipag. Bata pa si Maria ay nakita na sa kanya ang hilig sa paghabi at pagbuburda sa bastidor, kaya't nang sumapit na maging dalaga, ay siya ang itinuturing ng marami na pinakamahusay na humabi at pinakamagandang magburda sa bastidor.

Anupa't si Maria ang naging hantungan ng mga papuri at paghanga sa kanyang paghabi at pagbuburda. Sa bayan nila ay halos manghahabi at bordadora ang lahat ng babae, nguni't pinakatanyag sa kanilang lahat si Maria.

Dahil sa katanyagan ni Maria ay dito umuhong magpagawa ang lahat ng malalaking tao at mayayaman sa buong bayan at hang-



NAKITA NA LAMANG NG MGA TAONG UNTI-UNTING NAGING MALAKING GAGAMBA SI MARIA ..

## Sa Taong Linikha Ang Kapalaluan, Malimit Magdulot Ng Pait Sa Buhay.

gang sa mga karatig na bayan.

Dahil sa mga pagpuri at paghangang tinatanggap sa malalaking tao, si Maria ay ayaw nang tumanggap ng pagawa ng mga mahihirap at mga karaniwang tao. Ni ayaw na niyang tumanggap ng mahihirap na tao sa kanilang bahay. Ang dahilan niya, ay wala siyang panahong maaaring aksayahin sa mga pakikipagusap sa mahihirap na tao.

Dahil sa naging mapagmataas na asal ni Maria ay siya ang naging hantungan ng mga pagpintas sa maraming dako ng bayan. Ang mga pagpintas na iniuukol sa kanya ay hindi naman pinapansin ni Maria. Wala raw kabuluhan sa kanya ang pintas ng mahihirap, ang panabing malimit ni Maria.

Isang araw naulinigan ni Maria na siya ang pinaguusapan ng mga tao sa iba-



"MULA NGAYON, ANG IYONG KATANGIAN SA PAGHABI AY DADALHIN MO SA LAHAT NG PANAHON! SA PAMAMAGITAN NG PAGHABI, AY GAGAWIN MO ANG IYONG MAGIGING TAHANAN..." WIKA NI MINERBA, ANG DYOSA NG KARUNUNGAN.

iba ng balkon ng kanilang bahay. Binitiwan ni Maria ang bastidor at pinakinggan ang paguusap ng mga tao.

Ang napakinggang maliwanag ni Maria: "hindi pa lubos ang paghanga ko kay Maria, at hindi pa ako naniniwalang siya na nga ang pinakamagaling na bordadora dito sa atin. —At narinig ni Maria ang pagtawa pa ng taong nagsalita.

—Sino naman ang maitatapat mo pa kay Maria. Katunayan ay siya lamang ang tagahabi at tagaburda ng mga kababaihang mayaman dito sa atin? —Narinig na pagtatanggol sa kanya.

—Ang sinasabi ko ay ganito: hanggat hindi ko nakikitang nagwagi siya sa isang paligsahan, ay hindi ninyo malalaman sa akingituring ko siyang karaniwan lamang manghahabi.

Ang huling sinabi ng tao ay ikinamuhi ni Maria. Agad itong dumunghal sa balkonahe at hinarap ang taong tumatawad sa kanya.

—Mamang ano, sino ba ang ilalaban ninyo sa akin? Nakahanda akong makipagpaligsahan.

Napatingala ang taong tinawagan.

—Aba marami ditong makakalaban ka, kung talagang ibig mong lumaban.

—Oy, kung tagarito din lamang, ay hindi ako magaaksaya ng panahon.

—E, sino ba naman ang ibig mong makalaban?

—Iyong pinakamarunong at kung wala kayong maiharap sa akin, ay lalong mabuti kung yaong sinasabing Diyosa ng Karunungan, ang paharapin sa akin.

Sa isinagot ni Maria ay lalo siyang napintasan ng mga tao. Ipinalagay na isang kapalaluan ang inasal sa kanila ni Maria. Isa-isa silang nagsialis.

II.

ISANG bagong manghahabi ang biglang napabalita sa buong bayan ang nakarating sa pandinig ni Maria.

Kumalat din sa buong bayan ang sabi-sabihan ng mga tao na kapag lumaban si Maria sa dumating na manghahabi, ay sasapitin ni Maria ang mapahiya.

Pinagpantingan ng tenga si Maria sa kumakalat na pagpuri ng mga tao sa bagong bordadora. Hindi napigil ni Maria ang pagkamuhi. Hindi matanggap ni Maria na may mababalitang nakahihigit sa kanya sa paghabi at sa pagbuburda sa bastidor.

Sa pagngingitngit ni Maria ay nagparating siya ng hamon sa ibinabalitang magaling na manghahabi.

Ang hamon ay nakarating naman sa pinaguukulan. Tinanggap ang hamon ni Maria.

"Ngayon, makikilala nila ako, —naibulong ni Maria sa kanyang pagiisa, —Ipakikilala ko sa madla ang kakayahan ko sa bastidor.

Dumating ang araw ng pagtutuos. Sa gitna ng plasa ginawa. Maraming tao ang dumalo kung saan-saang dako nanggaling upang panoorin ang kikilalaning pinakamagaling na magburda sa bastidor.

Ang dalawang dalaga ay magkaharap.

Ang mayayamang tagahanga ni Maria ay hugos na dumalo sa paligsahan at lumagay sila sa piling ni Maria.

Ang maraming karaniwang tao at mahihirap ay lumagay naman sa gawi ng hindi kilalang bordadora.

Ang labanan ng dalawa ay pinasimulan.

Ipinamalas ni Maria ang kanyang katangian sa pagburda. Ang kalaban ay ipinakita naman sa mga nasa

(Sundan sa pahina 81)

walang iniwan sa paroparong pagiray-giray na lumabas. sa kusina, at nang muling pumasok ay hawak na ang boteng sa boong akala niya'y alak nga ang laman. Hindi niya batid na iyon pala'y pinagsidlan lamang ni Binday ng Alcohol Denaturado, o "Wood Alcohol" na ginagamit sa pagpapaningas ng Kusinilya. Isang mabagsik na Ingridyenteng nakakalason, at ang ilang lagok lamang ay labis nang makamatay ng isang kabayo.

---

INUMIN KAYA NI ERLINDA ANG LAMAN NG BOTENG IPINALALAGAY NA HINIEBRA?
(ITUTULOY)

## ISANG TANYAG...

(Buhat sa pahina 19)

panig niya, ang kanyang kakayahan.

Ang mga tao ay halos napipigil ang pahina dahil sa nakikita nilang ang mabibilis na tuldok sa bastidor ay mabilis na nakayari.

Ang bawat panig ay humahanga sa kanilang namamalas. Pinupuri ng mga mayamang nagmamasid ang kakisigan at kabilisan ni Maria. Gayon ding paghanga at pagpupuri ang inuukol ng mga nagmamasid sa hindi kilalang bordadora.

Ang ginagawa ng dalawa ay dumating sa pinakamahirap na bahagi. Natutuwa ang mga nagmamasid kay Maria at hinuhulaan nilang, sa bahaging ginagawa ay magagahis ni Maria ang kalaban.

Nguni't laban sa inaasahan, ang kalaban ni Maria ay matatag at patuloy na mabilis ang mga daliri sa pagtultuldok at paghigit ng sinulid. Ang mga tuldok ay tiyak at hindi sumasala. Patuloy na nakikita ang kayarian na maganda at kahangahanga.

Isa sa mga taong nakatingin sa mahiwagang bordadora ay hindi napigil ang sarili sa pagsasalita ng malakas.

—Tingnan ninyo, anya — ang kagandahan, kalinisan at ang mga kulay na parang sariwangsariwa; hayan, malapit nang matapos. —Ang pinupuri ay ang ginagawa ng kalaban ni Maria.

Totoo nga naman. Hindi nàglipat-saglit at ang ginagawa noon ay natapos. Ang dalaga ay tumindig at tumanaw sa lahat ng panig. Isang maugong na palakpakan ang iniukol ng maraming tao nang makita siyang nakatapos.

Hindi pa natatapos si Maria. Natigilan ito. Inukulan ng tingin ang bastidor ng kalaban na nakalapag, at nakita niya ang kayarian. Natigilan si Maria.

Muling umugong ang pagbubunyi ng mga tao sa naunang nakatapos. Masaklap na hatol ang gayon sa isang napipilan.

Dinamdam ni Maria ang nangyari. Nanlulupaypay siya at hindi makatunghay sa mga tao. Ganoong napakalamig ay para siyang sinisigan. Ang pawis niya ay humihilam sa kanyang mga mata.

Isang kapasyahan ang bumangon sa isip ni Maria, ang pagpapatiwakal. Hinawakan ang gunting na ginagamit at isasagawa na sana ang makutim na tangka. Siyang paglapit ng mahiwagang kalaban, at anya; Maria, huwag. Hindi mo dapat gawin ang tangka mo. Mangilabot ka. Dapat kang lumawig upang magsisi. Ang iyong kataasan, kapalaluan at hindi mabuting pakikitungo sa mga nag-akyat sa iyo, ay dapat mong pagsisihan.

—Sino ka ba? —payamot na naitanong ni Maria.

—Ako ang hinahangad mong makalaban; ang Dyosa ng Karunungan. Pinakiharapan k i t a. upang ang mali mong pagkakilala sa sarili ay huwag nang maulit, at ang karampatang parusa ay dapat mong matamo sa kaukulang panahon.

Napatigagal si Maria. Ang pagkatingin niya sa Dyosa ay nagbabadha ng alinlangan. Ibig niyang ibuka ang bibig upang humingi ng tawad ay hindi niya magawa. Ang kapalaluan din ang nakapangyayari sa sarili. Ang kanyang mga mata ay nagsisimulang manalim.

Siyang pagsasalita ng Dyosa.

—Mula ngayon, ang iyong katangian sa paghabi, ay dadalhin mo sa lahat ng panahon. Sa pamamagitan ng paghabi, gagawin mo ang iyong magiging tahanan. At sa tahanang iyong yayariin, ay doon ka mabubuhay.

At nakita na lamang ng mga tao ang untiunting paglalaho ni Maria at nang ito ay maparam ay lumitaw ang isang malaking gagamba na noon din ay nagsimulang humabi ng kanyang tahanan.

Nangabaghan ang mga tao.

Hindi nila akalaing humantong si Maria sa gayong kalagayan. Natitilihan sila sa pagtingin sa patuloy na paggawa ng gagamba. Sa paggawa ng kanyang bahay.

—Hanggan diyan mga anak ang kuwento. Maging aral nawa sa inyo ang sinapit ni Maria.

—Napakalungkot po ng kanyang sinapit, ingkong. —Si Pekto ang nagsalita.

—Iyon ay nangyari, upang maputol ang kanyang kapalaluan. Kaya, kayo mga anak, iyang pagpapalalo sa kapuwa ay huwag ninyong magagawa-gawa. Mangilabot kayo sa sinapit ni Maria.

—Isa nga pong magandang aral ang sinapit niya, ingkong.

—Siya, kayo ay dapat nang lumakad. Iligpit pa ninyo ang mga alaga ninyo.

—Opo, ingkong. Lalakad na po kami. —Si Manuel ang nagpaalam.

—Samahan kayo ng Mahal na Poon.

—WAKAS—

## BUHAY NA LARAWAN

(Buhat sa pahina 17)

na kaibigang inanyayahan ni Abogado Santos, na siyang may handog ng idaraos na "stag party", alangalang sa nalalapit na pakikipag-isang-dibdib ni Rogel. Ito man naman ay naroon na rin at nakangiting nakikipagkamay sa bawa't dumating at bumati sa kanya.

Sinimu'an ang inuman ng alak .Isang madaling tablan, kaharap ng mga nagmamamalagihay na rin ang lumapit pa kay Rogel, pagkatapos na tunggain ang nalalabing wiski sa kanyang hawak na kopa.

—Bakit mo binili ang buong baka... gayong mura ang gatas at maaari ka namang bumili ng unti-unti...? —tanong ng lasing nang tatangu-tango pa sa pagsasalita.

—Siyanga... bakit maaga kang nakaisip na magbigti..? —susog ding tanong ng isa n a m a n g nagmamalagihay nang mapulang-mapula ang mukha.

Nangiti muna si Rogel, lumagok ng serbesa sa hawak na baso, saka marahang sumagot. .

—Ang pag-aasawa ay katulad din ng kamatayan, mga kaibigan... Iya'y may panahon nang pagdating, sa ayaw mo't sa ibig.

—Pero, kung hindi ka lumigaw, hindi darating iyan... —biglang sagot ng isa sa mga kaharap na namumu-


Tiki-Tiki MANUEL ZAMORA

Sumusugpo Sa Anemia!

*Ako'y may anemia sapul pa noong ako'y nag-aaral sa mababang grado hanggang sa aking primera anyo ng "high school." Ako noo'y payat, maputla at mahina sa klase. Matapos akong makainom ng Tiki-Tiki Extract Mañuel Zamora sa tuwina—ako ngayo'y malusog na may kutis na animo'y rosas at ang aking anemia ay ganap na nawala.*



*Andrea Bartolome*

TIKI-TIKI EXTRACT
Manuel Zamora
A QUALITY PRODUCT SINCE 1912




Ang Tiki-Tiki Extract Manuel Zamora ay isang mabisang pampalusog na sagana sa Bitamina B complex, ito'y sumasansala at lumulunas sa Beri-Beri, diuresis at anemia; tumutulong sa pagtunaw ng kinain at sumusugpo sa nagsisimulang pagkatuyo. Ito'y isang ligtas na panlunas sa mga karamdamang nagpapahina. Ang nagdadalang-tao o nagpapasusong mga ina at mga bata ay kailangang uminom ng mataas na uring pampalusog na ito. Ito'y sariwa!

SALAPING GANTIMPALA

Isulat ang tunay ninyong karanasan tungkol sa Tiki-Tiki Extract Manuel Zamora sa 50 salita at ilakip ang larawan at ang polyetong nakabalot sa bawa't botelya. Kung mapili at malathala, kayo'y tatanggap ng salaping gantimpala.

—Ito ang aming bagong botelyang may 15 cc.

Farmacia Manuel Zamora
981-R Hidalgo